

PARA SA AGARANG PAGLABAS

## **Paglipat ng RIC Centre sa downtown Brampton mas magpapahusay sa lumalaking Innovation District ng Lungsod**

BRAMPTON, ON (Pebrero 28, 2020) – Noong Pebrero 5, inaprubahan ng Konseho ng Brampton ang pondo para sa paglipat ng Research Innovation Commercialization (RIC) Centre papunta sa Innovation District ng Brampton. Pumasok ang Lungsod sa isang kasunduan ng pagbibigay kasama ang RIC Centre ng \$100,000 kada taon sa loob ng tatlong taon para suportahan ang paglipat nito sa downtown Brampton. Bubuksan ng RIC ang pintuan nito sa bagong downtown sa lokasyon nito sa 6 George St. sa Abril ng taon na ito.

Para magiging kompetitibo sa Innovation Corridor, inilalagay ng Brampton ang kinakailangam nakahandang building block para suportahan ang malakas na Innovation District sa mga resource na magagamit para suportahan ang mga negosyante sa bawat yugto ng kanilang paglalakbay.

Ang RIC Centre, isang organisasyon na tumutulong sa mga negosyante na dalhin ang kanilang mga negosyo sa kasunod na antas, ay isang mahalagang karagdagan sa Innovation District ng Brampton, na kinabibilangan ng :

- Rogers Cybersecure Catalyst
- Brampton Entrepreneur Centre (Espasyo ng pagbuo ng ideya at magkasamang pagtatrabaho)
- Ryerson-Brampton Innovation Zone (Start-Up Incubator)
- Centre for Innovation
- RIC Centre (Scale-up Incubator)

Ang RIC Centre ay isang technology incubator na nakatuon sa Cleantech, Advanced Manufacturing, hardware at software startups. Nagbibigay ito ng mga serbisyo sa pagsisimula ng negosyo at access sa incubator na espasyo sa mga negosyante, mga startup at mature na mga kumpanya ng teknolohiya na gustong umpisahan ang kanilang paglago at dalhin nang mas mabilis sa pamilihan ang kanilang negosyo, Nakipagtulungan nang mabuti ang Economic Development team ng Brampton sa RIC Centre sa loob ng maraming taon, nagtutulong sa mga inisyatiba na sumusuporta sa inobasyon at mga network ng negosyo sa Brampton. Sa loob ng huling apat na taon, nakatulong ang RIC Centre sa higit sa 600 na aktibong kliyente na maglikom ng \$110M sa pondo, na lumikha ng \$97M sa kita at lumikha ng 1,642 trabaho.

Ang pagdagdag ng RIC Centre sa Innovation District ay dumating sa malapitang nakasunod na mga anunsyo ng [Ryerson's Innovation Zone](#) at unang [Cybersecurity Accelerator](#) ng Canada na makikita sa Innovation District ng downtown Brampton.

Magbubukas sa spring, ang Catalyst Cyber Accelerator ng Brampton ay susuporta sa cybersecurity ecosystem ng Canada sa pamamagitan ng pagbibigay ng mga tool na kailangan para lumago sa mga lumalaking kumpanya sa cybersecurity at kaugnay na mga larangan sa Canada at magtagumpay na pambansa at pandaigdigang.

Ang Brampton Innovation Zone na pinangunahan ng Ryerson ay hinango mula sa at konektado sa kilala ng mundo na [Zone network ng Ryerson University](#). Dinisenyo ito para tipunin ang mga tao para sa biglaang talakayan, umpisahan ang mga proyekto, at tumulong sa pag-uumpisa mula sa incubated

na mga kumpanya sa naunang yugto para i-establish ang nabubuhay na mga negosyo. Magbubukas ito sa downtown Brampton sa unang bahagi ng 2020.

### **Mga Quote**

“Ekstensibong nagtrabaho ang Lungsod kasama ang RIC Centre sa nakalipas at may matagal nang positibong relasyon sa kanila. Nasasabik tayong makipag-partner sa kanila habang pinapaunlad natin ang ating innovation ecosystem. Kasama sila at ang ating ibang mga partner, itinatayo natin ang isang malakas na Innovation District, na magpapahintulot sa atin na suportahan ang ating mga negosyante at mga negosyo sa bawat yugto ng kanilang paglalakbay. Ang partnership na ito ay isang win-win para sa lahat ng kaugnay – lalo na sa ating mga negosyante at mga may-ari ng mga negosyo. Welcome RIC Centre!”

- *Patrick Brown, Mayor, Lungsod ng Brampton*

“Ang ating pamumuhunan sa RIC Centre ay mahalaga habang nagsisikap tayo na pasulungin ang ating Alituntunin ng Prayoridad ng Konseho para itayo ang Lungsod ng mga oportunidad at hikayatin ang mga negosyo, mga negosyante, at mga trabaho sa Brampton.”

- *Paul Vicente, Rehiyonal na Konsehal, Wards 1&5; Vice-Chair, Pagpapaunlad sa Ekonomiya at Kultura, Lungsod ng Brampton*

“Sa ating pangunahing lokasyon sa gitna ng Innovation Corridor, pinapaunlad ng Brampton ang innovation ecosystem nito na may layunin na magiging pandaigdigang lider sa innovation. Committed ang ating staff sa pagbuo ng mga partnership at paghahanda sa kailangang mga kondisyon para gawin ang Brampton na pinaka-magandang lokasyon para sa mga negosyante at mga negosyo.”

- *David Barrick, Pinunong Administratibong Opisyal, Lungsod ng Brampton*

“Nasasabik tayong lumipat sa Brampton. Itinayo natin ang napakagandang relasyon sa Brampton sa ating trabaho kasama nila sa loob ng ilang taon, at nasasabik tayo tungkol sa maraming bagong oportunidad habang ini-establish ang ating bagong lokasyon. Ang Downtown Brampton ay may malakas na enerhiya – tibok ng puso – at nasasabik tayong maging bahagi ng innovation ecosystem na umiiral doon.”

- *Pam Banks, Ehekutibong Director, RIC Centre*

“Ang Incubator Program ng RIC Centre ay napakahusay na dinisenyo para sa mga negosyong B2B, pati na rin ng mga negosyo na hindi lamang para sa software at may mas komplikadong mga produkto na mangangailangan ng mas complex na modelo ng negosyo at estratehiya ng paglago.”

- *Hamid Alemohammad, AOMS Co-founder; Dating kliyente ng RIC Incubator na nagtiyak sa 300% na paglago sa kita makalipas ang 2 taon.*

-30-

**Bilang isa sa napakabilis na lumalaking lungsod sa Canada, ang Brampton ay tahanan ng 650,000 tao at 70,000 negosyo.** Ang mga tao ang nasa gitna ng lahat ng ginagawa natin. Napapalakas tayo ng ating diverse na mga komunidad, hinihikayat natin ang pamumuhunan, at sinisimulan natin ang isang paglalakbay para pangunahan ang teknolohikal at pangkapaligirang inobasyon. Nakipag-partner tayo para sa pag-unlad upang magtayo ng isang nakalulusog na lungsod na ligtas, sustainable at matagumpay. Kumonekta sa amin sa [Twitter](#), [Facebook](#), at [Instagram](#). Alamin ang higit pa sa [www.brampton.ca](http://www.brampton.ca).

**KONTAK NG MEDIA**

Monika Duggal  
Coordinator, Media & Pakikilahok sa Komunidad  
Strategic na Komunikasyon  
Lungsod ng Brampton  
905-874-3426 | [Monika.Duggal@brampton.ca](mailto:Monika.Duggal@brampton.ca)